# MGA **PRODUKTONG VAPING**
# **VAPING** PRODUCTS


# MGA TANONG NA MADALAS ITANONG
## FREQUENTLY ASKED **QUESTIONS**



## 1 ANO ANG MGA PRODUKTONG VAPING?

Ang mga produktong vaping ay mga aparatong pinagagana ng baterya na nag-iinit ng likidong solusyon upang makagawa ng isang erosol (singaw o ulap).

Ang mga produktong vaping ay may maraming mga pangalan tulad ng: e-cigarettes, vapes, vape pens, mods (box or pod), tanks, e-hookahs at kilala rin sa iba't ibang mga may tatak na pangalan. Ang mga aparatong ito ay walang laman na tabako at hindi kinakailangang sunugin. Ang karamihan ay naglalaman ng nikotina. Sila ay binubuo ng mga sumusunod:




- Ang panlugso (atomizer) ay kilala rin bilang cartomizer o clearomizer
- Ang e-juice ay kilala rin bilang e-liquid o vaping na likido (vaping liquid)

## 2 ANONG MGA APARATO NG VAPING ANG PINAKA KARANIWANG GINAGAMIT?

Ang mga orihinal na aparato ng vaping ay ginawa upang magmukhang mga tradisyunal na sigarilyo. Gayunpaman, ang mga mas bagong henerasyon ng mga produktong vaping ay mas abante at lumalabas sa maraming mga hugis, mga laki, at mga estilo. Ang "JUUL" at "Aspire Breeze" ay mga halimbawa ng mga produktong vaping na ngayon ay nagiging napakapopular. Sila ay naglalaman ng mataas na halaga ng nikotina na madaling hithitin; kung kaya nagbibigay ng mas higit na "hit" ng nikotina.



## 3 ANO ANG NASA E-JUICE?

Karamihan ng e-juice ay tipikal na naglalaman ng:

- Propylene glycol (PG)
- Vegetable glycerin (VG)
- Mga pampalasa
- Nikotina (wala hanggang sa mga napakataas na halaga)



## 4 ANO ANG NASA EROSOL?

Ang isang malaking maling kuru-kuro sa mga kabataan at mga nasa sapat na gulang ay iyong ang erosol ay singaw lamang ng tubig. Gayunpaman, sa oras na ang e-juice ay initin, ang mga ilang kemikal ay nagagawa, gaya ng:

| MGA NAKAKALASONG KEMIKAL | NATATAGPUAN RIN SA |
|---|---|
| Mga mabibigat na metal | Pintura na batay sa tingga |
| Carbonyl | Likidong pampahalimuyak |
| Mga ispesipiko sa tabako na nitrosamines | Mga sigarilyo |
| Volatile organic compounds (VOCs) | Gasolina |
| Polycyclic aromatic hydrocarbons (PAHs) | Tambutso ng sasakyan |
| Mga maliit na partikulo | Malalaking usok ng apoy |

## 5 MAAARI BANG I-VAPE ANG CANNABIS?


Ang cannabis ay maaari ding i-vape bilang isang tuyong bulaklak o sa mga purong anyo tulad ng wax at hash na langis.



## 6 ANO ANG MGA PANGKALUSUGANG EPEKTO NG PAGGAMIT NG MGA PRODUKTONG VAPING?

Ang mga produktong vaping **AY MAYROONG** epekto sa kalusugan. Ang mga nakakalasong kemikal sa erosol ay nauuwi sa maikling pang-respiratoryo at cardiovascular na mga epektong pangkalusugan, at maaaring maging sanhi ng kanser.

Ang mga pangmatagalang epektong pangkalu-sugan ng paggamit ng mga produktong vaping ay kasalukuyang di nalalaman at patuloy na pinag-aaralan.







Ang mga produktong vaping na naglalaman ng nikotina ay maaaring mauwi sa pagkagumon sa nikotina at pisikal na dependensiya. Ang kagyat na sagot sa nikotina ay pagtaas ng tibok ng puso at presyon ng dugo. Ang kabataan ang ispesipikong madaling talaban ng mga negatibong epekto ng nikotina. Maaari nitong baguhin ang pagdebelop ng utak, maapektuhan ang memorya, konsentrasyon at mood.

## 7 MAS HINDI BA MAPANGANIB ANG MGA PRODUKTONG VAPING KAYSA SA MGA SIGARILYO?

Para sa mga taong nagsisigarilyo, ang mga produktong vaping ay maaaring ituring na isang mas mababang panganib na alternatibo. Ito ay dahil sa ang erosol ay naglalaman ng mas mababang nakakalason na mga kemikal kung ihahambing sa mga sigarilyo.





Gayunpaman, kung ganoon ang mga potensiyal at hindi nalalamang panganib ng mga produktong vaping, ang mga taong hindi nagsisigarilyo ay HINDI dapat mag-vape. Para sa mga taong nagsisigarilyo, ang mga produktong vaping ay maaaring ituring na isang mas mababang panganib na alternatibo. Ito ay dahil sa ang erosol ay naglalaman ng mas mababang nakakalason na mga kemikal kung ihahambing sa mga sigarilyo.

## 8 MAPANGANIB BANG LANGHAPIN ANG SEGUNDA-MANONG SINGAW?

Ang nikotina, mga mabibigat na metal, at mga maliit na partikulo ay natagpuan sa segunda -manong singaw. Ang mga miron, kabilang ang mga bata at mga sanggol, ay maaaring makalanghap ng singaw. Ang mga taong gumagamit ng mga produktong vaping ay dapat kung gayon umiwas na mag-vaping sa paligid ng mga hindi gumagamit.



## 9 ANO PA ANG MGA IBANG PANGANIB NG PAGGAMIT NG MGA PRODUKTONG VAPING?

Ang mga bata at mga nasa hustong gulang ay nalason na sa pamamagitan ng pagkalunok ng e-juice o pagkakasipsip nito sa balat.

Ang mga produktong vaping ay maaaring sumabog at maging sanhi ng mga sunog na maaaring magresulta sa pagkasunog at mga pinsala. Ang mga bateryang lithium-ion sa mga aparato ng vaping ay maaaring maging mapanganib lalo na kung hindi maayos na ginamit, inimbak, dinala, o kinargahan.




## 10 LEGAL BA ANG MGA PRODUKTONG VAPING SA CANADA?

Ang mga produktong vaping ay legal sa Canada. Gayunpaman, mayroong kapwa pederal at probinsiyal na mga batas na namamahala kung paano sila ginagawa, tinatatakan, itinataguyod at ipinagbibili.

## 11 ANO ANG LEGAL NA EDAD UPANG BUMILI NG MGA PRODUKTONG VAPING?

Sa BC, ikaw ay dapat na 19 na taon o mas matanda upang makabili ng mga produktong vaping.




## 12 PINAHIHINTULUTAN BA ANG VAPING SA LOOB NG PAG-AARI NG PAARALAN?

Ang BC Tobacco and Vapour Products Control Act ay nagbabawal ng vaping sa lahat ng mga lugar kung saan ang paninigarilyo ay hindi pinahihintulutan. Ito ay naaaplay sa loob ng paaralan at pag-aari ng paaralan. Ayon sa Akta, ang mga administrador (ang lupon, superintendente, at mga punong-guro) ay pananagutin kung magkaroon ng isang paglabag. Kailangan nilang gawin ang abot ng kanilang maka-kaya upang matiyak ang pagsunod ng mag-aaral at makapagbigay ng isang ligtas at malusog na kapaligi-ran ng pag-aaral.